Bagyo

Handa ka na ba laban sa isang Bagyo?

Ito ang maaari mong gawin upang maghanda para sa ganoong pangyayari

Alamin kung ano ang ibig sabihin ng isang hurricane WATCH at WARNING:

- ✓ WATCH: Ang bagyo ay maaaring mangyari sa lugar na sakop ng WATCH, karaniwan sa loob lamang ng 36 na oras.
- ✓ WARNING: Ang bagyo ay maaaring mangyari sa lugar na sakop ng WARNING, karaniwan sa loob lamang ng 24 na oras.

Maghanda ng sariling Plano para sa Paglikas

- ✓ Alamin agad kung saan ka pwedeng pumunta kung inutusang lumukas. Pumili ng iba't ibang mga lugar...isang bahay ng kaibigan sa ibang bayan, isang motel, o isang shelter.
- ✓ Panatilihing nakahanda ang mga numero ng telepono ng mga lugar na ito, pati ang mapa ng mga kalye sa iyong lugar. Posibleng kailanganin mong tahakin ang mga kahalili o di-kilalalang mga daanan kapag ang mga pangunahing kalye ay sarado o barado.
- ✓ Makinig sa NOAA Weather Radio o sa lokal na himpilan ng radyo o telebisyon para sa mga payo ukol sa paglikas. Kung inutusang lumikas, agad na sundin ito.

Bumuo ng isang Disaster Supplies Kit na naglalaman ng -

- ✓ First aid kit at mga importanteng gamot.
- ✓ De-latang pagkain at abre-lata.
- ✓ Di kukulang sa 3 gallon na tubig bawat tao.
- ✓ Damit na makakapal at pang-proteksyon, saplot laban sa init o lamig, mga kumot, sapin at mga sleeping bags.
- ✓ De-bateryang radyo, flashlight, at mga baterya.
- ✓ Espesyal na mga kagamitan para sa sanggol, mga matatanda o mga may-kapansanan na kapamilya.
- ✓ Mga nakasulat na kautusan kung paano isara ang gas o kalan, koryente at tubig kung ito ay ipag-utos ng mga awtoridad. (Tandaan, kung mayroon kang natural gas service, kailangan mo ng isang eksperto upang mabuksan muli ito.)

Humanda para sa mga malalakas na hangin

- ✓ Magkabit ng mga hurricane shutters o bumili ng tinabas na kalahating outdoor plywood boards para sa bawat bintana ng iyong kabahayan. Magkabit ng mga ankla para sa plywood at gumawa na ng mga butas sa plywood para madali mo itong mailagay.
- ✓ Gawing matatag ang mga puno laban sa hangin sa pamamagitan ng pag-alis ng mga may-sira o patay nang mga sanga, pagkatapos ay tabasan ang puno upang hayaan na umihip at tumagos ang hangin.

Alamin kung ano ang dapat gawin kapag may idineklarang hurricane WATCH

- ✓ Makinig sa NOAA Weather Radio o sa mga lokal na himpilan ng radyo o telebisyn para sa pinakabagong ulat ukol sa bagyo.
- ✓ Maghanda para sa agaran na pag-pasok ng anumang kasangkapan sa hardin, mga panlabas na palamuti, mga basurahan, mga nakasabit na halaman, at anuman na pwedeng matangay ng hangin.
- ✓ Maghanda para sa agarang pag-takip sa lahat ng mga bintana sa iyong kabahayan. Kung hindi pa naikakabit ang mga shutters, gumamit ng natabas nang plywood, gaya ng inilarawan sa itaas. Paunawa: Ang paggamit ng tape na pandikit ay hindi nakakapagpigil sa pagkabasag ng mga bintana, kaya hindi ipinapayo ang pag-tape ng mga bintana.
- ✓ Punuin ng gas o krudo ang tanke ng iyong sasakyan.
- ✓ Muling suriin ang mga manufactured home tie-downs.
- ✓ Suriin ang mga baterya at mag-imbak ng mga de-latang pagkain, first aid supplies o kagamitan para sa paunang lunas, tubig na maiinom, at mga gamot.

Tukuyin ang mga dapat gawin kapag may idineklarang hurricane WARNING

- ✓ Makinig sa payo ng mga lokal na awtoridad, at agad na lumikas kapag kanilang iutos.
- ✓ Kumpletuhin ang mga gawain para sa paghahanda.
- ✓ Kung hindi ka pinayuhang lumikas, manatili sa loob ng bahay, malayo sa mga bintana.
- ✓ Tandaan na ang kalmadong mata o sentro ng bagyo ay nakapanloloko; hindi pa nakalilipas ang bagyo. Ang pinakamatinding bahagi ng bagyo ay darating kapag dumaan ang mata ng bagyo at ang mga hangin ay umihip mula sa kabila namang direksyon. Ang mga puno, halaman, gusali at iba pang mga bagay na napinsala ng mga naunang mga hangin ay maaaring tuluyang masira ng mga susunod na hangin.
- ✓ Maging alerto para sa mga buhawi. Ang mga buhawi ay maaaring mangyari sa oras ng bagyo at pagkalipas nito. Manatili sa loob ng iyon bahay, sa gitna nito, sa loob ng isang aparador o banyo na walang mga bintana.
- ✓ Maging alerto para sa mga buhawi. Ang mga buhawi ay maaaring mangyari sa oras ng bagyo at pagkalipas nito. Manatili sa loob ng iyon bahay, sa gitna nito, sa loob ng isang aparador o banyo na walang mga bintana.

Alamin kung ano ang dapat gawin kapag nakalipas na ang bagyo

- ✓ Manatiling nakatutok sa NOAA Weather Radio o sa lokal na himpilan ng radyo o telebisyon para sa mga payo.
- ✓ Kung ikaw ay inilikas o lumikas, bumalik lamang sa bahay kapag sabihin ng mga awtoridad na ligtas nang gawin ito.
- ✓ Suriin ang iyong bahay para sa pinsala.
- ✓ Gumamit ng flashlight sa lahat ng oras; iwasan ang paggamit ng mga kandila.

Ang iyong lokal na sanggunian ay:

Handa ka na ba laban sa isang Bagyo?

Ang mga bagyo ay pinaka-mapanganib para sa mga nakatira sa kahabaan ng ating mga dalampasigan. Ngunit ang mga mababagsik na mga bagyong ito ay may kakayahan upang magtaglay ng sapat na lakas para dalhin ang mga delikadong mga hangin sa ating mga lupain, daan-daang milya ang layo papasok. Ang mga kaakibat na ulan, pagbaha at mga buhawi ay nagdadagdag sa pinsalang kayang idulot ng mga bagyo sa iyong kabahayan at komunidad.

Maghanda mara sa isang bagyo sa pamamagitan ng pagsagawa ng bawat bagay sa checklist sa ibaba. Pagkatapos ay magpulong-pulong at pagkasunduan ang Plano na laban sa Sakuna, para sa iyong Pamilya.

____**Bumuo ng isang Disaster Supplies Kit sa isang malinaw na tinatakan at madaling kuhain na kahon.**

Kinalalagyan ng Disaster Supplies Kit:_____

____ **Tawagan ang iyong lokal na emergency management o planning ang zoning office upang malaman kung ikaw ay nakatira sa isang lugar na maaaring bahain habang may bagyo o matinding pag-ulan.**

Bahain na Lugar: ☐ Oo ☐ Hindi

____ **Maghanda ng isang plano para sa paglikas kung sakaling kailangang gawin ito. Ipamahagi ang plano na ito sa mga kamag-anakan o mga kaibigan na balak mung tuluyan, o di kaya ay mag-planong pumunta sa isang Red Cross shelter. Isama sa iyong Disaster Supplies Kit ang isang mapa na may nakamarkang dalawang kahaliling daanan patungo sa iyong nais puntahan.**

Nakumpleto ang plano sa paglikas noong:_____
(petsa)

____ **Magsulat ng mga kautusan kung paano isara ang gas o kalan, koryente at tubig. (Kung mayroon kang natural gas service, kailangan mo ng isang eksperto upang mabuksan muli ito.**)

Isinulat ang Kautusan noong:_____
(petsa)

____ **Gumawa ng isang listahan ng mga bagay na ipapasok kung may dumating na bagyo. Isama ang listahan na ito sa iyong Disaster Supplies Kit.**

Nakumpleto ang listahan noong:_____
(petsa)

____ **Bumili ng anumang mga gamit na kailangan upang takpan ang mga bintana at protektahan ang iyong bahay bago pa sa oras ng pangangailangan. Magtabas ng plywood na lalapat sa mga bintana upang madaling matatakpan ang mga bintana.**

Mga bagay na binili upang protektahan ang bahay:_____
(petsa)

____ **Kumuha ng isang inhinyero upang suriin ang iyong bahay at payuhan ka ukol sa mga paraan upang gawing mas matatag ito laban sa mga hangin dulot ng bagyo.**

Sinuri ng Inhinyero ang bahay noong:_____
(petsa)

Mga pagbabagong ipinayo:_____
(petsa)

At tandaan...kapag may mangyaring lindol, buhawi, pagbaha, sunog o anumang kalamidad sa iyong bayan, maaasahan mo na nandoon ang iyong lokal na American Red Cross chapter upang tulungan ka at ang iyong pamilya. Ang iyong Red Cross ay hindi isang ahensya ng gobyerno at umaasa sa kontribusyon ng iyong oras, pera at dugo.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan lang po sa iyong lokal na American Red Cross Chapter, National Weather Service office o emergency management office. Maaari mo ring puntahan ang mga Web sites na ito:

American Red Cross: **www.redcross.org**

National Weather Service: **www.nws.noaa.gov**

Federal Emergency Management Agency: **www.fema.gov**

ARC 4454 – Online Version
Tagalog
Rev. July 1998